

**PAMPUBLIKONG IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGGAMIT BILANG PAGKAIN AT
PAGKAIN NG HAYOP, O PARA SA PAGPOPROSESO**

**PANUKALA PARA SA DIREKTANG PAGGAMIT
BILANG PAGKAIN AT PAGKAIN NG HAYOP, O PARA SA PAGPOPROSESO
Bt11 MAIS**

1. Pangalan ng Aplikante

Syngenta Philippines, Inc.

2. Address ng Aplikante

12th Floor, Two World Square, # 22 Upper McKinley Road, McKinley Town Center, Fort Bonifacio, Taguig City, 1630 Philippines

3. Numero ng Telepono/Facsimile, E-Mail Address ng Aplikante

Tel. +63 2 370 2100; Fax: +63 2 856 9260; E-mail: c/o jet.parma@syngenta.com

4. Pangngalan ng Kaukulang Opisyal/Awtorisadong Kinatawan

Jet Marcial G. Parma, President and Commercial Unit Head, Philippines
Ma. Emeru Bool, Seeds and Traits Regulatory Manager, Philippines

5. Paglalarawan ng Regulated Article para sa Direktang Paggamit

Ang Bt11 mais ay binuo sa pamamagitan ng modernong bioteknolohiya gamit ang protoplast transformation system. Ang Bt11 mais ay may *cry1Ab* gene na nag-eencode ng Cry1Ab na protina na nagbibigay proteksyon laban sa European at Asiatic corn borer. Mayroon din itong *pat* gene na nag-eencode sa phosphinothricin acetyltransferase (PAT) enzyme na nagsisilbing selectable marker.

6. Kung aangat, Mga Bansang Panggagalingan ng Regulated Article

United States, Argentina, Brazil, Canada, Colombia, South Africa, Uruguay, Vietnam o mga bansang magkakaroon ng apruba sa pagtanim sa hinaharap

7. Maikling Buod ng Mga Potensyal na Epekto sa Kalusugan ng Tao, Hayop, at ng Kapaligiran

Ang Bt11 mais ay masusing sinaliksik upang maipakita ang kaligtasan nito bilang pagkain ng tao, pagkain ng hayop, at kaligtasan nito sa kapaligiran. Base sa mga naisagawang pag-aaral, ang mga protinang Cry1Ab at PAT na mula sa Bt11 mais ay hindi nagtataglay ng katangian ng mammalian toxin o allergen. Wala ring ebisdensya na ang mga protinang ito ay mag-iinteract upang makagawa ng bagong toxin o allergen. Ang modes of action ng *cry1Ab* at *pat* ay naiiba at walang interaksyon na naipakita. Bukod dito, base sa mga isinagawang pag-aaral ng nutrisyon at iba pang katangian ng halaman at buto, ang Bt11

mais ay pinapakitang katumbas at kasing-ligtas ng tradisyunal na mais.

Ang Bt11 mais ay aangkat para sa direktang paggamit bilang pagkain ng tao, pagkain ng hayop, at para sa pagpoprosesa sa Pilipinas. Kung sa hindi sinasadyang kumalat ang mga butil ng mais sa kapaligiran habang ito ay inaangkat, maliit lamang ang pagkakataon na ang Bt11 mais ay mabubuhay dahil ang pag-angkat ay nangyayari lamang sa mga industrial na lugar na hindi angkop para sa pagtubo ng mais. Ang mga nagkalat na butil ay nangangailangan ng lupa at ng mga paborableng kundisyon tulad ng araw, hamog, at temperatura para sa pagsibol at tuluyang pagtubo ng halaman.

8. Maikling Buod ng Potensyal na Benepisyo

Ang Bt11 mais ay binuo sa pamamagitan ng modernong bioteknolohiya upang magbigay proteksyon laban sa European at Asiatic corn borer. Sa mga bansang inaateka ng borer ang tanim na mais na nagsasanhi ng pagbaba o pagkawala ng ani, ang Bt11 mais ay nagbibigay ng mas maganda at mas sulit na pamamaraan para mapuksa ang corn borer. Ang paggamit ng teknolohiyang ito ay magdudulot ng malakihang pagbawas ng paggamit ng pamatay-insekto at pagtaas ng ani dahil sa pagpuksa ng corn borer.

Dahil ang Bt11 mais ay ikalakal, ang lipunan ang makakakuha ng pangunahing benepisyo nito kung sakaling kakailanganin ang pag-angkat nito upang matustusan ang industriya ng pagkain ng tao, pagkain ng hayop, at para sa pagpoproseso.

9. Mga Bansang may Pahintulot sa Paggamit

Ang Bt11 mais ay nakakuha na ng apruba sa United States (pagtatanim, pagkain ng hayop, at pagkain ng tao), Australia/New Zealand (pagkain ng tao), Brazil (pagtatanim, pagkain ng hayop, at pagkain ng tao), Canada (pagtatanim, pagkain ng hayop, at pagkain ng tao), China (pagkain ng tao, pagkain ng hayop, at pagpoproseso), Colombia (pagtatanim, feed, at pagkain ng tao), European Union (pagkain ng tao, feed, pagkain ng hayop, at pagpoproseso), Indonesia (pagkain ng tao), Japan (pagkain ng tao, pagkain ng hayop, at pagtatanim), Republic of Korea (pagkain ng tao, pagkain ng hayop, at kalikasan), Malaysia (pagkain ng tao, pagkain ng hayop, at pagpoproseso), Mexico (pagkain ng tao, pagkain ng hayop, at pagpoproseso), Paraguay (pagtatanim, pagkain ng tao, at pagkain ng hayop), Philippines (pagkain ng tao, pagkain ng hayop, pagpoproseso, at pagtatanim), Russian Federation (pagkain ng tao at pagkain ng hayop), Belarus/Kazakhstan (pagkain ng tao), Singapore (pagkain ng tao, pagkain ng hayop, at pagpoproseso), South Africa (pagkain ng tao, pagkain ng hayop, pagpoproseso, at pagtatanim), Switzerland (pagkain ng tao at pagkain ng hayop), Taiwan, province of China (pagkain ng tao at pagkain ng hayop), Turkey (pagkain ng hayop), Uruguay (pagtatanim, pagkain ng hayop, at pagkain ng tao), and Vietnam (pagtatanim, pagkain ng hayop, at pagkain ng tao).

Ang publiko ay inaanyayahang magbigay ng kanilang mga puna at kumento sa Direktor ng BPI (sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng pagkakalathala) tungkol sa Panukala para sa Direktang Paggamit ng Bt11 mais bilang pagkain ng tao, pagkain ng hayop, o para sa pagpoproseso.

Director
Bureau of Plant Industry
San Andres, Malate, Manila
E-Mail bpibiotechsecretariat@gmail.com

Approved for Publication: _____

MR. GEORGE Y. CULASTE
OIC-Director
Bureau of Plant Industry
Date: